Maraming resource ang makukuha ng lahat ng Mga Taga-New York. Ang katayuan mo sa imigrasyon at ang kita mo ay balewala.

Matuto pa tungkol sa kalusugan, pabahay, pagkain at mga ibang resource para sa mga imigranteng New Yorker sa:

nyc.gov/immigrants/coronavirus



NYC
Mayor's Office of Immigrant Affairs

Mayroong libre, ligtas **na tulong sa imigrasyon** para sa bawat New Yorker. Ang katayuan mo sa imigrasyon ay balewala.

Para sa anumang mga tanong o alalahanin na mayroon ka tungkol sa imigrasyon, kasama ang pagsasara ng korte o opisina, tumawag sa **ActionNYC hotline** sa: **800-354-0365**

• Lunes hanggang Biyernes • 9 a.m.–6 p.m.

NYC
Mayor's Office of Immigrant Affairs

Ang pagkuha ng pangangalaga, testing, o paggamot para sa COVID-19 ay hindi makakaapekto sa katayuan mo sa imigrasyon. Ang maraming pampublikong benepisyo at serbisyo ay hindi ka gagawing "**public charge**."

Kung may mga tanong ka tungkol sa kung paano ang paggamit ng mga pampublikong benepisyo ay maaaring makaapekto sa katayuan mo sa imigrasyon, tumawag sa **ActionNYC hotline** sa **800-354-0365** para sa mga koneksiyon sa legal na tulong sa imigrasyon.

NYC
Mayor's Office of Immigrant Affairs

Ang **NYC Health + Hospitals** ay nagbibigay ng pangangalaga sa LAHAT ng New Yorker. Ang katayuan mo sa imigrasyon at ang katayuan mo sa insurance ay balewala. **Kung kailangan mo ng tulong, humingi ng tulong**. Kasama sa tulong ang emergency na pangangakaga, mga pagbisita ng doktor, mga gamot, pangmatagalang pangangalaga, at mga pananatili sa ospital.

Matuto pa sa **nychealthandhospitals.org** o tumawag sa **844-692-4692**.

NYC
Mayor's Office of Immigrant Affairs

Gumawa ang mga **scammer** ng maraming paraan para magsinungaling o magnakaw mula sa mga tao kaugnay ng COVID-19. Ang mga scam na ito ay maaaring mga tawag sa telepono, email, text message, o minsan pati personal!

Manatiling may kaalaman at basahin ang mga tip ng Lungsod para manatiling ligtas at iwasan ang mga scam sa **on.nyc.gov/covidscamsnyc** o tumawag sa **212-436-0381**.

NYC
Mayor's Office of Immigrant Affairs

Lahat ng mga New Yorker ay dapat makakuha ng **libreng COVID-19 test**. Ang katayuan mo sa imigrasyon ay balewala.

Para makahanap ng testing site na malapit sa iyo, pumunta sa **nyc.gov/covidtest** o **tumawag sa 311** at sabihin ang "**COVID-19 test**."

NYC
Mayor's Office of Immigrant Affairs

Maraming pangkalusugang insurance plan, kasama ang mga libreng plan, ay makukuha ng lahat ng mga New Yorker.

Maaari kang mag-sign up online sa **nyc.gov/healthinsurance** o **tumawag sa 311** at sabihin ang "**health insurance**" para mag-schedule ng appointment para mag-enroll sa isang plan.

NYC
Mayor's Office of Immigrant Affairs

Lahat ng mga New Yorker ay makakatanggap ng **mga libreng pagkain** sa panahon ng COVID-19 na krisis. Ang katayuan mo sa imigrasyon ay balewala.

Matuto pa sa **nyc.gov/getfood** o **tumawag sa 311** at sabihin ang "**Get Food**."

NYC
Mayor's Office of Immigrant Affairs

May libreng legal na payo at tulong sa pag-apply para sa **tulong sa pabahay** ay makukuha sa lahat ng umuupa ng tirahan sa New York City. Ang katayuan mo sa imigrasyon at ang kita mo ay balewala.

Kung kailangan mo ng tulong sa mga legal na usaping kaugnay ng pabahay, pagpapa-alis o mga usapin sa inyong kasera, pumunta sa **nyc.gov/tenantprotection** o **tumawag sa 311** at sabihin ang "**tenant helpline.**"

NYC
Mayor's Office of Immigrant Affairs

May libreng legal na payo at tulong sa pag-apply para sa **tulong sa pabahay** ay makukuha sa lahat ng umuupa ng tirahan sa New York City. Ang katayuan mo sa imigrasyon at ang kita mo ay balewala.

Kung kailangan mo ng tulong sa mga legal na usaping kaugnay ng pabahay, pagpapa-alis o mga usapin sa inyong kasera, pumunta sa **nyc.gov/tenantprotection** o **tumawag sa 311** at sabihin ang "**tenant helpline**."

Pumunta sa **nyc.gov/housingconnect** para makahanap at mag-apply sa abot-kayang pabahay.

NYC
Mayor's Office of Immigrant Affairs

May mga karapatan ka **bilang trabahador**. Ang katayuan mo sa imigrasyon ay balewala. May karapatan ka sa bayad na sick leave sa ilalim ng batas ng New York City.

Ang mga imigranteng New Yorker na may pahintulot sa pagtatrabaho ay maaaring kuwalipikado para sa mga benepisyo sa unemployment insurance.

Pumunta sa **nyc.gov/workers** para sa mga dulugan o tumawag sa **212-436-0381**.

NYC
Mayor's Office of Immigrant Affairs

May makukuhang **pinansiyal na tulong** para sa mga maliliit na negosyo para matugunan ang ekonomikong epekto ng COVID-19.

Matuto tungkol sa lungsod, estado at mga pederal na dulugan, ang pagiging nararapat mo sa tulong at higit pa sa **nyc.gov/business** o sa pagtawag sa **888-727-4692**.

NYC
Mayor's Office of Immigrant Affairs

Walang sinumang may karapatang tratuhin ka nang masama sa batayan ng iyong lahi, iyong kasarian, o ibang bahagi ng pagkakakilanlan mo.

Ikaw ba o sinumang kilala mo at biktima ng panliligalig? Tumawag sa 311. Kung ikaw ay biktima ng krimen o nakasaksi ng krimen, tumawag sa 911..

Ang mga opisyal ng NYPD ay hindi pinapayagang magtanong tungkol sa katayuan mo sa imigrasyon.

Matuto pa sa **nyc.gov/stopcovidhate**.

NYC
Mayor's Office of Immigrant Affairs